BAKIT

NILIKHA ANG TAO ?

Isinulat

ni

MOHAMMAD M. MONTEVERDE

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
Islamic Propagation Office in Rabwah
P.O.Box 29465 RIYADH 11457 – TEL 4454900 – 4916065
FAX: 4970126 - E-Mail: rabwah@islamhouse.com
http://www.islamhouse.com

PANIMULA

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin

Ang aklat na ito ay naisulat bunga ng pakikinig ng inyong lingkod sa isinagawang panayam ng kapatid Khalid Yashin sa Jeddah at ito'y naging inspirasyon sa akin upang isalin sa wikang Tagalog para higit na maunawaan ang napakagandang paksa na ito ng aking mga kababayang Pilipino Muslim man at hindi Muslim.

Ano nga ba ang dahilan ng ating pagkakalikha sa mundong ito at ano ang alam natin tungkol sa Islam?

Labis din ang aking pasasalamat sa lahat ng mga kapatid sa Islam na tumulong sa pagsasa-ayos ng nilalaman ng lathalaing ito. Nawa'y sumakanila ang pagpapala at kapayapaan ng Allah.

Mohammad M. Demonteverde
Imam University
Riyadh, KSA

Nagpapasalamat ako sa Allah at binigyan Niya ako ng pagkakataon upang ibahagi sa inyo ang paksang ito. Nais ko rin ipaalam sa inyo na hindi ito isang pangangaral bagkus isang pagpapayo para sa lahat pati na rin sa aking sarili.

Bagaman ang paksang ito ay medyo masalimuot, natitiyak kong kaya ninyong maunawaan ito sapagka't lahat tayo'y may kakayahang magsuri ng mga bagay-bagay.

Ano nga ba ang kabuluhan ng buhay? Sa dahilang ang buhay dito sa mundo ay napapaligiran ng mga pagsubok at kadalasa'y pagkabilanggo sa mga kulturang naipamana sa atin ng ating mga ninuno, sadyang mahirap sa tao ang magkaroon ng pagkakataong mag-isip kung ano ang dahilan ng kanyang pagkakalikha o ang dahilan ng maikling pananatili niya dito sa daigdig.

Nakalulungkot isipin na kapag tinanong mo ang isang tao kung ano ang dahilan ng kanyang pagkakalalang… Isang napakahalagang katanungan, hindi niya sasabihin ang pansariling kasagutan bagkus binabanggit niya kung ano ang sinabi o inaakala ng iba o di kaya'y kung ano ang itinuro ng magulang, guro, pastor, pari o kaya'y ang haka-haka ng mga kaibigan.

Sa kabilang banda, kung tatanungin ang isang tao kung bakit siya kumakain, madali niyang tutuguning isang panustos ito sa pangangailangan ng katawan upang mabuhay. Gayundin, kapag tinanong ang isang tao kung bakit siya nagtratrabaho, kanyang isasagot nang walang pag-aatubili na isang pagsuporta ito sa pangangailangang pinansiyal ng sarili at pamilya. Marami pang mga katanungan ang maaaring itanong tungkol sa buhay dito sa mundo at kayang sagutin ito ng sinuman ayon sa pansariling pag-iisip nang halos magkakatulad ang kasagutan maging saan mang lalawigan o tribo siya kabilang.

Datapwa't ang katanungang 'Bakit tayo nilikha?' ang pag-uusapan, napakaraming magkakaibang kasagutan ang maririnig. Bagaman nalilito at hindi alam ang kasagutan, pilit pa ring nagbibigay ang tao ng iba't ibang kuro-kuro sa halip na tuwirang magsabi na hindi niya ito alam.

Ang dahilan ba ng ating pagkakalikha ay upang magtatrabaho, kumain at matulog? Ang tao ba'y katulad ng hayop na maghahanap ng makakain, lalamon at matutulog? Tayo ba'y nabubuhay upang ibsan lamang ang pangangailangan ng katawan, magpakaligaya at magpakasasa sa mga materyal na bagay? Ito ba ang layunin ng ating pananatili? Ano ba ang banal na dahilan ng pagkakalalang ng tao, ang kahanga-hangang kalawakan at ang lahat ng may buhay na nakapaligid sa atin? Hindi ba dapat bigyan natin nang mataos na pag-iisip ang tungkol dito?

May mga taong nagbibigay katuwiran na wala raw katibayan na ang tao ay nilikha ng isang Banal na Manlilikha. Mayroon ding umabot na sa pagsasabing wala raw katibayan na may Diyos. Nagbibigay sila ng kuro-kuro na ang lahat ay sumulpot na lamang. Ang iba'y nagsasabing nabuo lamang ang mundong ito dahil sa isang malaking pagsabog sa kalawakan o ang sinasabing "Big Bang" sa Ingles.

Sino pa ba ang makapagbibigay liwanag sa usaping ito kundi ang Isang Makapangyarihan na Lumikha sa lahat ng nakikita at di-nakikita? Siya na rin ang higit na makapagsasabi sa Kanyang dahilan kung bakit Niya tayo nilikha. Ang

katibayan tungkol dito ay matatagpuan sa Kanyang huling kapahayagan, ang Qur'an, na Kanyang ibinaba sa Kanyang huling Sugo na si Propeta Muhammad (saws)[1]

Matutunghayan sa Banal na Qur'an:

﴿ وَلِلَّهِ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۗ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٨٩﴾ إِنَّ فِي خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ
وَٱلْأَرْضِ وَٱخْتِلَٰفِ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ لَءَايَٰتٍ لِّأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿١٩٠﴾ ﴾ [آل عمران: ١٨٩ – ١٩٠]

At sa Allah ang pagmamay-ari sa lahat ng mga kalangitan at ng kalupaan. At ang Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay[2] [Surah Al-'Imran – 3:189]
Katotohanan! Sa pagkakalikha ng mga kalangitan at ng kalupaan, at sa paghahalinhinan ng gabi at araw, tunay na mga palatandaan sa mga (taong) may pang-unawa. [Surah Al-'Imran – 3:190]

---

[1] 'Salla Allahu Alaihi wa Sallaam' – isang pangungusap sa wikang Arabik na nangangahulugan ng Nawa'y itampok ng Allah ang pagbanggit sa kanya at iligtas siya sa anumang paninira. Laging binabanggit ito ng mga Muslim kapag sinasabi o nadidinig ang pangalan ng Propeta.

[2] Siya ang nagmamay-ari ng lahat, kayang gawin ang lahat ng bagay at walang makatatakas sa Kanyang lakas. Magkagayo'y matakot sa Kanya, huwag Siyang suwayin at mag-ingat sa Kanyang galit. Siya ang Pinakadakila, walang higit na dakila sa Kanya. Siya'y may Kakayahan, at walang may higit na kakayahan sa Kanya.

{الَّذِينَ يَذْكُرُونَ اللّهَ قِيَامًا وَقُعُودًا وَعَلَىَ جُنُوبِهِمْ وَيَتَفَكَّرُونَ فِي خَلْقِ السَّمَاوَاتِ وَالأَرْضِ رَبَّنَا مَا خَلَقْتَ هَذا بَاطِلاً سُبْحَانَكَ فَقِنَا عَذَابَ النَّارِ} (١٩١) سورة آل عمران

(Sila ay) yaong mga nakaalaala sa Allah (sa anumang katayuan maging) nakatayo, nakaupo at (kahit pa mandin) nakahiga nang patagilid, at nagmumuni-muni sa pagkakalikha sa mga kalangitan at sa kalupaan, (at nagsasabi): " O aming Rabb! Hindi Mo nilikha ito nang walang saysay. Kaluwalhatian sa Iyo (O Allah)! Iligtas Mo kami (O Allah) sa kaparusahan ng Apoy (Impiyerno). [Surah Al-'Imran – 3:191]

Sa mga talatang nabanggit, higit na itinuon ng Allah ang ating pansin sa pagkakalikha ng mga kalangitan at kalupaan at ang paghahalinhinan ng gabi at araw kaysa sa pagkakalikha Niya sa atin kasama na riyan ang iba't ibang bahagi ng ating katawan. Kung titingnan natin ang kahanga-hangang pagkakaayos ng mga planeta, buntala at mga bituin, masasabi ba nating nagkataon lamang ito o kaya'y biglang lumitaw na lamang ang mga ito? Sa kabilang banda, kapag nakakita tayo ng mahahabang tulay, nagtatayugang mga gusali o naggagandahang mga sasakyan, kaagad nating hahangaan yaong tao o kompanyang gumawa nito. Kapag nakakita tayo ng napakalaking barko, eroplano o kaya'y 'rocket ship', daglian nating hahangaan ang may gawa ng mga ito. Gayundin, kapag nakakita ang tao ng mga plantang nuklar, mga istasyon sa himpapawid o mga malalaking paliparan, ganap siyang hahanga sa makabagong pamamaraan pang-inheryero ng mga gumawa nito. Gayunpaman, ang mga

nabanggit ay gawa lamang ng karaniwang taong katulad natin!

Hindi ba dapat higit nating hangaan yaong Lumikha sa atin? Pagtuunan natin ng pansin ang katawan ng tao. Sadyang higit na masalimuot ito kung ihahambing sa mga naturang kabihasnang ginagawa ng tao. Isipin na lamang ang ating utak kung papaano ito nagtipon ng mga impormasyon, magsuri, magbukod-bukod at ang kakayahan nitong ibalik mula sa memorya ang anumang impormasyon sa isang iglap lamang. Sa pamamagitan ng utak na ito'y nabuo ang mga kahanga-hangang tulay, gusali, eroplano, paliparan, atbp. Ito ay isang bahagi lamang ng tao!

Bigyan natin ng pansin ang puso. Patuloy itong tumitibok, nagpapadaloy ng tamang sukat ng dugo sa mga ugat ng buong katawan na ang pagpapaagos nito'y maaring umabot ng animnapung taon o higit pa. Hindi ba higit na kamangha-mangha ito? Isipin natin ang bato (kidney) ng tao, isang bahagi ng katawan na nagsisilbing tagalinis ng katawan mula sa mga nakalalasong kemikal na kusang gumagawa ng daan-daang pagsusuri ng kemikal upang patuloy na pigilin ang nakalalasong mga kemikal ayon sa antas na kaya ng katawan. Hindi ba higit na kahanga-hanga ito? Tungkol naman sa ating mata, ang kamera ng katawan na patuloy at kusang iniaakma ang paningin, nagsusuri, nag-aayos ng kulay, liwanag at layo. Sino ang nagpatnugot at nagpanukala nito? Sino ang nagpapanatili at namamahala nito? Tayo ba? Hindi!

Pansinin natin ang ating mundo, ito ay isa lamang sa mga planetang umiikot sa nakikita nating araw (solar system). At ang ating "solar system" ay isa lamang sa "Milky Way" at ang huli'y isa lamang sa milyong matatagpuan sa buong santinakpan. Isipin na lamang ang mga ito'y nasa ayos, hindi nagbabanggaan at patuloy na umiikot sa nakatakdang landas ng pag-inog. Sino and nagpapagalaw sa mga ito? Kaya ba ng tao ito? Hindi!

Tingnan ang mga karagatan, isda, kulisap, ibon, halaman, baktirya at ang mga elementong kemikal na hindi pa natutuklasan, ni makita maging sa pinakabagong kagamitan. Gayunman, ang bawa't isa'y may panuntunang sinusundan. Ang kanila bang kaayusan, pagkakatugma, pagkaiba-iba, disenyo, pananatili, paggalaw at walang hanggang kabilangan ay nagkataon lamang? Nagkataon bang lumitaw lamang sila at nagpanatili na rin ng kanilang sarili? Ang tao ba ang may kagagawan nito? Hindi kailan man! Sadyang di-makatwiran, isang kabaliwan at tunay na labas sa kanyang kakayahan. Tanging ang Iisang Diyos na makapangyarihan ang Siyang lumikha ng lahat na ito at Siyang may kakayahang magpanatili sa kanila. Siya lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagpupuri at pasasalamat.

Kung sakaling may magbigay sa tao ng tig-iisang libong piso nang walang anumang kapalit, ang pinakagaang masasabi nila ay 'Salamat'. Hindi ba may kahigtan kaysa dito ang nagbigay ng ating utak, mata, bato (kidney), hangin at iba pang kailangan natin upang mabuhay? Hindi ba karapat-dapat Siyang sambahin at pasalamatan? Ang sabi ng

Dakilang Allah sa Kanyang huling kapahayagan, ang Qur'an matutunghayan sa kabanata 51 (Adh-Dhariyat) talata 56:

﴿ وَمَا خَلَقْتُ ٱلْجِنَّ وَٱلْإِنسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ ٥٦ ﴾ [الذاريات: ٥٦]

At hindi Ko nilikha ang jinn at tao malibang sambahin lamang nila Ako.

Malinaw na sinabi ng Allah na ang dahilan ng pagkakalikha Niya sa atin ay ang sumamba lamang sa Kanya --- ang pagkilala, pagsunod at pagsuko sa Kanyang kalooban. Ito ang pinakabuod na pagtuturo ng Islam, ang tanging pananampalatayang itinuro ng mga Propeta at Sugo na Kanyang ipinadala dito sa mundo.

Ano ang nalalaman natin tungkol sa Islam? Ang tanong ay kung ano ang batid natin sa Islam hindi yaong naririnig o nababalitaan hinggil dito. Hindi yaong nakikita nating ginagawa ng mga nagpapabayang Muslim! Ang Islam at Muslim ay magkaiba. Isang ganap na panuntunan ng buhay ang Islam. Kaya't sinumang Muslim ang hindi sumusunod sa panuntunang ito, masasabi nating siya'y hindi mabuting Muslim. Hindi maaaring husgahan ang Islam sa gawain lisya ng ilang Muslim. Sa kabilang banda'y dapat husgahan ang Muslim ayon sa panuntunang ipinatutupad ng Islam. Ang kanyang pagsunod ay makabubuti sa kanya, sa pamilya, sa lipunan, at sa kabuuang bansa. Samantalang ang kanyang pagsuway ay makasasama sa kanyang sarili, na makaka-

apekto sa kanyang pamilya, sa lipunan, at sa kabuuang bansa.

Ang ating bang nalalaman sa Islam ay batay lamang sa mga maling impormasyon sa radyo, telebisyon at mga pahayagan? Bagaman bawa't isa sa limang tao dito sa mundo ay Muslim, na nangangahulugan ng 1/5 ng limang bilyong populasyon ngayon sa mundo, sadyang kaunti pa rin sa tao ang may tamang impormasyon sa Islam at Muslim. Samantala, ang mga Intsik na umaabot na rin sa isang bilyon, alam natin ang mga impormasyon tungkol sa kanila, maging pang-heograpiya, panlipunan, pampolitikal, o kanilang kasaysayan. Papaano nangyaring nananatiling mangmang ang maraming tao sa buong daigdig sa tamang impormasyon sa Islam? Alam ba ninyo na ang mga Muslim ay natuturingang magkakapatid maging saan man sila sulok ng daigdig nagmumula? Bagaman magkakaiba ang kultura, wika at anyo, pinagbubuklod pa rin sila ng Islam bilang magkakapatid. Ano ba ang mayroon ang Islam at kaya nitong paglapitin at pagbuklurin maging ang magkaaway sa oras ng pagyakap nila sa Islam? Ano ang tunay na katangian ng panuntunan ng buhay na ito na kadalasa'y di-maunawaan at pilit na sinisiraan ng mga bansang kanluran? Ano ang dahilan ng patuloy na pagdami ng yumayakap sa Islam na ngayo'y umaabot na ang kabuuang bilang sa isang bilyong populasyon sa buong mundo?

Sa pagbibigay ng ilang impormasyon hinggil sa Islam, nararapat lamang magkaroon ng bukas na kaisipan at puso upang bigyan ng pagkakataon ang sariling umunawa at tanggapin ang katotohanan. Katulad ng isang baso, hindi malalaman ito kung nakataob. Kaya't iwaksi muna ang mga

lisyang impormasyon, bagkus ituon ang kaisipan sa ilalahad na katotohanan.

Ang kahulugan ng katagang Islam ay pagsunod, pagsuko at pagpapasakop sa Dakilang Lumikha, sa isang Makapangyarihang Diyos na ang tawag sa Kanya ay Allah. Siya ang lumikha sa unang taong si Adan. Siya rin ang nagpadala ng mga Sugo at Propeta sa mundo upang makilala Siya at malaman ng tao kung papaano Siya sambahin. Ang ilan sa mga Sugo at Propeta na Kanyang isinugo ay sina Noah, Abraham, Ismail, Isaac, David, Solomon, Moses, Juan Bautista, Hesus at ang panghuli ay si Muhammad (saw). Magkakatulad ang kanilang mensahe: sundin ang pinag-uutos ng Allah, sambahin lamang Siya, gumawa ng mabuti, nang sa gayo'y makamtan ang Paraiso na Kanyang ipinangako. Ito ang dahilan ng pagkakalikha sa tao, ang pagsamba sa Allah lamang at paggawa ng mabuti. Sinumang sumusunod, sumusuko at nagpapasakop sa kalooban ng Allah ay tinatawag na Muslim. Masasabi nating ang lahat ng Sugo at Propeta ay mga Muslim sapagka't sila'y sumunod, sumuko at nagpasakop sa kalooban ng Allah. Ni isa man sa kanila ay hindi nag-angkin na siya ay diyos o may pagka-diyos. Kahit basahin ang bawa't pahina ng Bibliya at Torah, walang mababasang may pagka-diyos ang sinuman sa kanila. Bagkus, silang lahat ay nagturo sa tao na kilalanin at sambahin lamang ang Diyos na Tagapaglikha --- ang Allah.

Kaya't halina't sumunod, sumuko at magpasakop sa kalooban ng Allah upang makamtan ang gantimpalang ipinangako Niya --- ang Paraiso. Pag-aralan ang Islam, ang pagsunod, pagsuko at pagpapasakop sa Allah, sapagka't ito

lamang ang pananampalatayang Kanyang itinangi at tatanggapin.

﴿ٱلۡيَوۡمَ أَكۡمَلۡتُ لَكُمۡ دِينَكُمۡ وَأَتۡمَمۡتُ عَلَيۡكُمۡ نِعۡمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ ٱلۡإِسۡلَٰمَ دِينٗاۚ﴾ [المائدة: ٣]

Sa araw na ito, Aking ginawang lubos ang Deen (panuntunan ng buhay) para sa inyo, ginawang ganap ang pagpapala Ko, at pinili ang Islam bilang inyong pananampalataya. [Surah Al-Maidah, 5:3]

﴿وَمَن يَبۡتَغِ غَيۡرَ ٱلۡإِسۡلَٰمِ دِينٗا فَلَن يُقۡبَلَ مِنۡهُ وَهُوَ فِي ٱلۡأٓخِرَةِ مِنَ ٱلۡخَٰسِرِينَ ٨٥﴾ [آل عمران: ٨٥]

At sinumang maghangad ng anumang pananampalataya maliban sa Islam, hindi ito tatanggapin sa Kanya magpakailanman, at sa Huling Araw kabilang siya sa mga talunan.[3] [Surah Al-Imran, 3:85]

Alhamdulillaah rabbil-. alamin…

---

[3] Binibigyang babala ng Allah yaong pumipili ng ibang relihiyon kaysa sa pananampalatayang Kanyang ipinadala na may mga Aklat at Sugo, walang iba kundi ang pagsamba sa Allah lamang ng walang katambal. Na kung kanino sumusuko ang lahat ng nilikha sa mga kalangitan at sa kalupaan, kusa man o hindi [Qur'an, 13:15]. Samakatuwid, ang matapat na nananampalataya ay sumusuko sa Allah ng buong <u>puso</u> at <u>pisikal</u>, samantalang ang mga di-nananampalataya ay sumusuko sa Allah sa <u>pisikal</u> (katawan) lamang nang hindi kinukusa sa dahilang sila ay napapailalim sa kapangyarihan ng Allah, di-mapaglalabanang pamamahala at makapangyarihang paghahari na hindi maaaring iwasan o labanan.